3 Botika/parmasya

Para gumaling ang sakit, gumamit ng gamot. Dahil may mga gamot na maaaring magdulot ng mga side effect o masamang reaksyon, kailangang sapat na mag-ingat kapag gumamit ng gamot. Ilalahad dito ang tungkol sa paggamit ng reseta o shohousen, mga gamot na nabibili na walang reseta at ang paraan ng paggamit ng gamot.

3-1 Ang kaibahan ng parmasya (yakkyoku), parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku), botika (yakuten) (drugstore)

Sa bansang Hapon, makakabili ng gamot sa parmasya (yakkyoku), parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku) o sa botika (yakuten) (drugstore). Ang kaibahan ng mga ito ay ang sumusunod.

Parmasya (yakkyoku)	Nagbebenta ng mga karaniwang gamot.
Parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku)	Maliban sa pagbebenta ng mga karaniwang gamot, maaari din maghalo ng gamot batay sa reseta ng manggagamot.
Botika (yakuten) (drugstore)	Maliban sa mga karaniwang gamot, nagbebenta rin ng mga bagay para sa kalinisan, mga bagay na gamit sa araw-araw na pamumuhay, mga kosmetiko atbp.

3-2 Pagbili ng gamot

Kapag masama ang inyong pakiramdam pero sa inyong palagay, hindi naman kinakailangang pumunta sa duktor, maaaring bumili ng pangkaraniwang gamot tulad ng gamot para sa sakit ng ulo, sipon o sakit ng tiyan sa yakkyoku o parmasyang humahawak ng niresetang gamot at sa yakuten o pangkaraniwang botika. Hindi sakop ng health insurance ang mga gamot na ito kaya babayaran ito ng sariling gastos.

Sa kabila nito, upang ipahanda ang niresetang gamot o shohousen na ipinagkaloob ng duktor, tumungo sa parmasyang naghahalo ng gamot (chouzai yakkyoku). Kapag miyembro ng health insurance plan, sakop ng insurance ang bayad sa niresetang gamot kaya bahagi lamang ang inyong babayaran. Ngunit tandaan na kapag hindi naman nakasaad ang bisa ng reseta, 4 na araw lamang ito magagamit simula ng araw na ipinagkaloob ito. Kapag lumampas na sa araw ng pagkawalang-bisa, kailangang muling magpakonsulta sa duktor upang maipagkaloob muli ng reseta. Kahit sa mga gamot na nireseta sa inyo sa nakaraan, para muling makabili nito, kinakailangang magpakonsulta uli sa duktor upang maipagkaloob ng reseta. Hindi maaaring bumili ng niresetang gamot kapag wala nito.

3-3 Paraan ng paggamit ng gamot

Sa yakkyoku at yakuten, maaaring makatanggap ng paliwanag mula sa pharmacist tungkol sa tamang paraan ng paggamit o pag-inom ng gamot, pag-iingat sa paggamit nito at tungkol sa mga side effect o masamang reaksyon. Gayunman, walang interpreter sa mga lugar na ito kaya minamabuting magsama ng marunong magsalita ng wikang Hapon. At dahil sa wikang Hapon lamang nakasulat ang paliwanag sa paggamit ng gamot, kapag hindi ninyo maintindihan ang nakasulat, maghanap ng taong makakapagsalin para sa inyo.